California School DASHBOARD

Toolkit ng Dashboard para sa taong 2022

Pagsisiyasat sa mga Ulat tungkol sa Pagkakapantay-pantay

Nasa sentro ang pagkakapantay-pantay ng sistema ng pananagutan sa California.

Tinutukoy ng California School Dashboard ang mga agwat sa performance ng mga grupo ng estudyante sa pamamagitan ng mga ulat nito tungkol sa pagkakapantay-pantay, na available para sa bawat panukat ng estado. Ipinapaliwanag ng mga ulat na ito ang mga tagumpay at hamon na nararanasan ng mga tanggapan sa county, distrito, at paaralan sa pagtugon sa mga pagkakaiba-iba ng mga grupo ng estudyante. Binibigyang-diin din ng mga ito ang mga paaralang nagpapatupad ng maiinam na gawi sa pagpapaliit ng mga agwat sa pagitan ng mga grupo ng estudyante.

Ipinapakita ng ulat tungkol sa pagkakapantay-pantay ang bilang ng mga grupo ng estudyanteng napapabilang sa bawat antas ng performance para sa isang partikular na panukat ng estado. Para sa 2022 Dashboard, iuulat ang mga antas ng peformance gamit ang isa sa limang Nakamit na Antas (Napakataas, Mataas, Katamtaman, Mababa, at Napakababa) para sa lahat ng naiulat na panukat ng estado* batay sa datos ng taong pampaaralan 2021–22.

Nasa ibaba ang isang halimbawa ng data card para sa panukat ng English Language Arts (ELA) para sa Academic Indicator.



Sa ibinigay na halimbawang data card, nagkaroon ang paaralan ng 10.4 na puntos na mas mataas sa pamantayan sa kasalukuyang taon. Kaya naman, napabilang ang paaralan sa may Mataas na antas ng performance.

Ipinapakita ng ulat tungkol sa pagkakapantay-pantay na binanggit sa bandang ibaba ng card na dalawang grupo ng estudyante ang napabilang sa Antas na Napakababa (ang pinakamababang antas ng peformance para sa indicator na ito). Limang grupo ng estudyante ang napabilang sa Antas na Mababa. Wala sa mga grupo ng estudyante ang napabilang sa Antas na Katamtaman. Tatlong grupo ng estudyante ang napabilang sa Antas na Mataas. At isang grupo ng estudyante naman ang napabilang sa Antas na Napakataas (ang pinakamataas na antas ng performance para sa indicator na ito).

Ipinapakita ng mga bilang ng grupo ng estudyante sa ulat tungkol sa pagkakapantay-patay ang impormasyon para sa **All students** sa isang paaralan o distrito. Maa-access din ang impormasyong ito sa antas ng estado sa pamamagitan ng pagpili sa button na **State** sa itaas ng bar graph.

Para sa detalyadong impormasyon tungkol sa bawat grupo ng estudyante (gaya ng mga antas ng performance at mga resulta ng datos para sa kasalukuyang taon) para sa bawat panukat, piliin ang **View more details** sa ibaba ng card.

*Ang mga sumusunod na mga panukat ng estado ay nakaulat sa 2022 Dashboard:

- Akademiko: ELA at Mathematics
- Dami ng Madalas na Lumiliban
- Progreso ng Mag-aaral ng Ingles
- Dami ng Nagtatapos
- Dami ng Nasususpinde

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin lang ang California School Dashboard and Department of Education at ang web page ng Sistema ng Suporta sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/index.asp.

Nobyembre 2022